# ISANG DEKADA

*ni:*
**Jennifer P Tapat**
*Teacher II, Ipag Elementary School*

Isang dekada na pala ang nakakaraan,

Nang ako ay maging guro sa pampublikong paaralan.

Marami mag-aaral ang dumaan halos

sa aking kamay hindi ko na mabilang

Minsan, nagmamano sila, kakaway, ngingitian ka

ngunit hindi mo maalala ngalan nila

Kaya'tngingiti ka at tatanungin sila

Anu nga bang  ngalan mo?

Di ko na kasi maalala

Sa sampung taon nagdaan

Ako ay naging pangalawang magulang

kahit pa sabihin ako'y binibini lamang.

Nandyan magbaon ka ng marami

kasi alam mong may mag-aaral na walang pambili.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Nariyang maging nurse ka

kasi sila'y nasugatan, nagkasakitan

minsan may sakit talagang

itinago na lang sa kanilang mga magulang.

Isama mo pa ang paggugupit ng kuko at taingang nililinisan

Sapagkat sa sariling tahana'y walang oras ang magulang.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Nandyan Isip ko'y na gulo

dahil sa problemang kanilang natamo

Pati pag-uwi sa bahay ay nadadala ko.

Minsan magagagalit ka sa katigasan ng kanilang ulo.

Pero doble ang saya  kapag sila'y nakapagtapos na.

Nadaig mo pa ang magulang nila

dahil sa tuwang walang humpay na ligaya

Dahil alam kong may natutuhan sila

sa sampung buwan ng pagsasama

Hindi man gasino sa asignautura

pero alam ko kahit paano'y nakapanday ako

Ng isa o dalawa sa kanila

na maging isang mabuting mamamayan

ng ating sintang bayan

Naririto ako sa propesyong pinili ko

dahil alam kong mahal ko ang patuturo

walang halong biro.. .

Handa akong maglingkod ng sampu o higit pang taon .

Para sa susunod pang henerasyon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Sariling likha, 2019